JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 7

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

# Ikatlong Markahan - Modyul 5: Antas ng Pagpapahalaga




Pangalan ng Mag-aaral: ____________________

Baitang at Seksyon: ____________________

Paaralan: ____________________



# ALAMIN




Ang yugto ng pagdadalaga at pagbibinata ay hindi isang simpleng yugto lamang ng buhay na pagdaraan mo. Maraming mga bagay na pwede mong tuklasin, gaya lamang ng mga itinuturing mong mahalaga sa iyo, at inalam mo kung bakit mo ito pinahahalagahan. Mahalagang may kamalayan ka tungkol sa pinahahalagahan mo. Hindi sapat na nabubuhay ka lang sa mundong ito. Kailangang malinaw din sa iyo kung para saan ang buhay mong ito. Bilang isang nagdadalaga o nagbibinata, mahalagang nabubuhay ka nang makahulugan at makabuluhan.

Sa modyul na ito, inaasahang maipapamalas mo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-uunawa:

Natutukoy ang ibat ibang antas ng pagpapahalaga at mga halimbawa nito. **ESP7PB-IIc-10.1**

a. Napipili ng mga mag-aaral ang mga bagay na nararapat at bigyan ng mas mataas na pagpapahalaga.

b. Nairaranggo ang mga bagay na itinuturing niyang mahalaga batay sa halaga ng mga ito.



# SUBUKIN

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat tanong. Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Bilang isang nagdadalaga o nagbibinata alin sa mga sumusunod ang pipiliin mo?

   a. Pera para may pambili ako ng mga bagong labas na gadgets.

   b. Pananampalataya sa Diyos dahil malalim ang aking kasiyahang nadarama pag-inuuna ko ang Panginoon.

   c. Barkada dahil sila yong buhay ko.

   d. Kasintahan dahil masaya ako sa piling ng aking iniirog.

Basahin ang isang pagpapahayag at sagutin ang bilang 2-4.

Sina Carmela at Hanz ay mga anak na dalaga at binata ni aling Minda. Lagi silang pinaalalahanan ng kanilang ina bawal lumabas ng bahay dahil sa pandemyang nadarama. Naiintindihan nila kung gaano kadelikado sa kalusugan

ang naranasan natin sa kasalukuyan. Ngunit sa murang edad nila naiingit sila sa kanilang mga kaibigan na nakagagala. Isang araw inaanyayahan sila ng kanilang kaibigan na gagala sa boulevard at sinabihan sila pag may parating na mga Pulis sila ay natatakbo para hindi ito mahuhuli.

2. Kung ikaw si Carmela o si Hanz, sasama kaba sa iyong mga kaibigan? Bakit?
   a. Oo dahil nakakatamad na sa bahay.
   b. Oo para hindi ako iiwanan ng mga kaibigan ko.
   c. Hindi dahil gusto ko sa mall gagala.
   d. Hindi dahil mahirap na baka ako pa ang dahilan na mahawaan ng covid ang aking mga magulang.
3. Pagsunod-sunorin ang mga bagay na mahalaga sa iyo sa panahon ng pandemya mula sa pinakamahalaga.
   1. Pamilya 2. Kalusugan3. Kaligayahan 4.Gadgets
   a. 1,2,3,4 b. 2,1,3,4 c. 3,4,2,1 d. 4,3,2,1
4. Kung ikaw si Carmela o si Hanz, susunod kaba sa iyong nanay? Bakit?
   a. Oo dahil alam niya ang mas nakakabuti sa akin.
   b. Oo dahil wala akong magagawa utos ng nanay ko.
   c. Hindi dahil naiingit na ako sa mga kaibigan ko na nakagagala.
   d. Hindi dahil may sarili na akong pag-iisip.
5. Paano mo masasabi na nasa mataas na antas ang pagpapahalaga sa isang bagay?
   a. Pagnakaramdam ako na lagi akong masaya.
   b. Pangmatagalan na kaligayahan ang nadarama ko.
   c. Pagmahal ang bili ko sa isang bagay.
   d. Pag maraming naiingit sa akin.
6. Bilang isang nagdadalaga o nagbibinata ano ang pinakamahalaga sa iyo ngayon?
   a. Pagkain b. Pagninigarilyo c. Bagong damit d. Magandang hitsura
7. Mahalaga ba ang pag-aaral sa isang nagdadalaga at nagbibinata sa panahon ng pandemya? Bakit?
   a. Oo dahil gusto ng magulang ko.
   b. Oo dahil mas malalim ang kasiyahan ko sa pagdating ng panahon na akoy makapagtapos ng pag-aaral.
   c. Hindi dahil hindi nadarama na akoy isang mag-aaral ngayon.
   d. Hindi dahil hindi ko nakakasalamuha ang guro at kaklase ko.

8. Bakit tumatagal ang mataas na pagpapahalaga?

a. Dahil hindi ito kailanman mababago ng panahon.

b. Dahil ito ay nababago ng panahon.

c. Dahil nagtagumpay ka sa iyong pinapahalagahan.

d. Dahil lagi mong inuuna ang mataas na pagpapahalaga.

Para sa bilang 9-10 basahin ang isang pagpapahayag.

Si Mang Anton ay isang OFW sa Taiwan. Sa kanyang libreng oras siya ay naghahanap ng ibang pagkakikitaan kahit pagod na siya, para may pangdagdag na perang mapadala niya sa kanyang pamilya sa Pilipinas at para makapagtapos ang kanyang mga anak sa pag-aaral.

9. Ano ang pinakapihahalagahan ni mang Anton?

a. Pagpapayaman

c. Ang kanyang sariling kaligayahan

b. Ang kinabukasan ng kanyang mga anak

d. Trabaho

10. Sa palagay mo tama ba ang ginawa ni Mang anton?

a. Oo dahil ang kanyang ginawa ay nasa mataas na antas ng halaga na lumikha ng iba pang pagpapahalaga.

b. Oo dahil obligasyon ito ni mang Anton bilang isang ama.

c. Hindi dahil kailangan niyang magpakasaya sa bakanteng oras niya.

d. Hindi dahil nasa mababang antas ng pagpapahalaga ang kanyang ginawa.



# BALIKAN

Gawain 1. **Balik Tanaw**

Sa nagdaang modyul, nalaman natin ang tungkol sa birtud.Balikan natin ito.







# TUKLASIN

Gawain 2:

**Panuto:** Isulat sa loob ng bubbles ang lahat na mga bagay na sa palagay mo ay mahalagasayo. Pagkatapos mong maisulat lahat, pumili ka ng limang pinakamahalaga sayo at isulat ito sa bawat chatbox ng punong- kahoy at lagyan mo ng kunting paliwanag kung bakit ito ang napili mo.





Tanong:

1. Ano ang pinagbatayan mo sa pagpili ng mga bagay na mahalaga sa iyo?
2. Sa dami ng iyong naisulat na mahalaga, bakit yang lima angnapasyahan mong piliin?
3. Ano-anong mga hakbang ang gagawin mo upang makamtan ang mga bagay na mahalaga para sa iyo?

Pamantayan sa Paggawa

| Pamantayan | Deskripsyon | Kaukulang Puntos | Nakukuhang Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Angkop ang nilalaman sa hinihingi | 10 | |
| Ideya | Tama ang paliwanag | 20 | |
| Prensentasyon | Maayos at malinis ang pagkagawa | 10 | |
| | Kabuuan | 40 | |




# SURIIN

Ano-ano ba ang mahalaga sa isang kabataang katulad mo? Marahil, iba-iba ang sagot mo sa tanong na ito. Maaaring pagkain, hangin, buhay, pag-aaral, magulang o kaibigan at marami pang ibang bagay na para sa sarili mong pananaw ay mahalaga. Marahil tayo makatatagpo ng dalawang taong may magkatulad na mga pinahahalagahan, o maaaring mayroon ngunit ang paraan at antas ng pagpapahalaga sa mga ito ay nananatiling magkaiba.

Gawan 3.

**Panuto:** Makikita ang mga larawan na mahalaga sa tao gaya ng pera, kapayapaan, pagmamahal, pamilya, pagkain, diploma, pagtulong sa kapwa, kaibigan, pananampalataya sa Diyos at magandang bahay. Ayusin mo ang mga larawan ayon sa antas ng pagpapahalaga mo dito. Simulan mo sa mababang halaga hanggang sa pinakamahalaga. Isulat ang iyong paliwanag kung bakit ganito ang paraan ng pagsasaayos mo ng mga larawan. Isulat ang sagot sa tsart na nasa ibaba. Ilagay mo sa bilang sampo ang bagay na para sa iyo pinakamababa ang pagpapahalaga mo, pataas hanggang sa bilang isa ang pinakamahalaga




| Mga Bagay | Batayan ng Pagrarango |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |

Mga Tanong:

1. Ano ang naging batayan mo sa pagpipili ng larawan mula sa hindi gaanong mahaalaga hanggang sa pinakamahalaga?
2. Bakit kaya hindi pantay-pantay ang pagbibigay natin ng pagpapahalaga sa mga bagay?

Pamantayan sa Paggawa

| Pamantayan | Deskripsyon | Kaukulang Puntos | Nakukuhang Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Angkop ang nilalaman sa hinihingi | 10 | |
| Ideya | Tama ang paliwanag | 10 | |
| Prensentasyon | Maayos at malinis ang pagkagawa | 10 | |
| | Kabuuan | 30 | |

Tama ba ang iyong mga pinahahalagahan? Isa pang tanong na magdadala sa iyo sa malalim na pag-iisip: tama nga bang mas bigyan ng halaga ang pera kaysa sa pamilya? ang sarili sa kapwa? ang kapwa kaysa sa Diyos? Sa pagsagot sa ganitong mga tanong o mataas ang isang pagpapahalaga.

Bago lubos na maunawaan ang hirarkiya ng pagpapahalaga, kailangan munang maunawaan ano ang pamantayan sa pagpapasiya sa antas nito. Sumulat si Max Scheler ng Limang Katangian ng Mataas na Pagpapahalaga mula sa tesis ni Tong-Keun Min na " A Study on the Hierachy of Values")

Una, Mas tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang mga pagpapahalaga. Halimbawa, Ang paggastos ng pera upang ibili ng aklat ay mas mataas kaysa sa ipambili ito ng pagkain. Mas tumatagal ang kaalaman na makukuha sa aklat kaysa sa kasiyahan ng pisikal na katawan dahil sa pagkain. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito kailanman mababago ng panahon (timelessness or ability to endure).

Ikalawa, mas mahirap mabawasan ang kalidad ng pagpapahalaga. Kahit pa dumarami ang nagtataglay nito, mas mataas ang antas nito. Halimbawa, ang pagpapahalaga ng materyal na bagay ay lumiliit habang nahahati ito, ngunit ang pagpapahalaga sa karunungan ay hindi nababawasan kahit pa mahati ito o ipamahagi sa napakaraming tao. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung sa kabila ng pagpasalin-salin nito sa napakaraming henerasyon, napananatili ang kalidad nito (indivisibility)

Ikatlo, mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay lumilikha ng iba pang mga pagpapahalaga. Ito ay nagiging batayan ng iba pang mga pagpapahalaga. Halimbawa, ang isang tao na nagtatrabaho sa ibang bansa na tinitiis ang lungkot, pangungulila at labis na pagod upang kumita nang sapat na salapi; ginagawa niya ito upang mapagtapos sa pag-aaral ang kaniyang anak. Para sa kaniya, mas mataas na pagpapahalaga ang mapagtapos ang kaniyang anak sa pag-aaral kaysa sa kaniyang pagsasakripisyo at pagod.

Ikaapat, may likas na kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga at ang lalim ng kasiyahang nadarama sa pagkamit nito. Sa madaling salita, mas malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng pagpapahalaga, mas mataas ang antas nito. Halimbawa, mas malalim ang kasiyahan ng pagsali sa isang prayer meeting kaysa sa paglalaro ng basketball (depth of satisfaction).

Ikalima, ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito nakabatay sa organismong nakararamdam nito. Halimbawa, Si Roselle Ambubuyog ang kauna-unahang bulag na mag-aaral ng Ateneo University na nakakuha ng pinakamataas na karangalan bilang Summa Cum Laude sa kursong BS Mathematics. Hindi naging hadlang ang kaniyang kapansanan upang siya ay makatapos ng pag-aaral. Ang kaniyang pagnanais na magtagumpay sa kaniyang larangan ay higit na mataas kaysa sa kaniyang pisikal na kapansanan.



# PAGYAMANIN

Gawain 4

**Panuto:** Pag-aralan ang talahanayan sa ibaba. Ang kaliwang hanay ay nagpapakita ng mga bagay na karaniwang pinahahalagahan ng mga kabataan na tulad mo. Punan ang puwang sa ikalawang hanay ng mga posibleng masamang epekto ng sobrang pagbibigay halaga sa mga nasa kaliwa. Isang halimbawa ang ibibigay ko.

| Hindi ko dapat bigyan ng labis na pagpapahalaga | Sapagkat |
|---|---|
| Halimbawa<br>Paglalakwatsa | Maaring mapabayan ko ang aking pag-aaral at hindi ko magawa ang mga dapat kong gawin. |
| 1. Pagbabarkada | |
| 2. Pagkaroon ng kasintahan | |
| 3. Pera o salapi | |
| 4. Bagong teknolohiya | |
| 5. Bagong damit | |

Pamantayan sa Paggawa

| Pamantayan | Kaukulang Puntos | Nakukuhang Puntos |
|---|---|---|
| Nilalaman | 15 | |
| Kalinisan | 5 | |
| Ideya/Paliwanag | 20 | |
| Kabuuan | 40 | |



# ISAISIP

**Gawain 5**

**Panuto:** Punan ang patlang sa bawat pahayag. Para mas madaling masagutan may inihanda akong mga ulap sa bawat bilang at ayusin ang letra sa loob ng ulap para makabuo ng wastong kasagutan.

1. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung sa kabila ng pagpasalinsalin nito sa napakaraming ________________, napapanatili ang kalidad nito.

RASNOYN

2. Ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito nakabatay sa ___________________ nakararamdam nito.

NISGNOMGA

3. Mas tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa _______________________ mga pagpapahalaga.

MIKAHU

4. Mataas ang antas ng pagpapahalagan kung ito ay _____________________ng iba pang mga pagpapahalaga.

ISYAKANGH

5. May likas na kaugnayan ang antas ng pagpapahalaga at ang lalim ng ______________________ nadarama sa pagkamit nito.

ABMANGA

**Gawain 6**

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa loob ng lobo.


1. Bilang isang mag-aaral, ano ang kabutihang maidudulot ng pagkatuto sa tamang pagpapahalaga sa mga bagay na pinaghahalagahan mo?
2. Ano-ano ang mga bagay na pinahahalagahan mo? Bakit mahalaga ang mga ito sa iyo?





# ISAGAWA

**Panuto:** Sumulat ka ng isang pagninilay/sanaysay tungkol sa paksang “Pag-asa, Pananampalataya at Pag-ibig” Sagutin ang tanong na:



*Rubriks sa Pagsusulat ng Maikling Sanaysay*

| Kraytirya | *Nilalaman* 35% | *Organisasyon* 35% | *Style (Pagkamapanlikha at Pagkamalikhain)* 20% | *Mechaniks* 10% |
|---|---|---|---|---|
| | Naipapakita at naipaliwanag ng maayos ang ugnayan ng konseptong isinulat sa pahayag | *Mahusay ang pagkakasunud - sunod ng mga ideya, malinaw at makabuluhan.* | Lubos na nagpapamalas ng pagkamalikhain sa pagsulat ng maikling sanaysay at Orihinal ang mga ideyang ginamit | *Wasto ang mga ginamit na salita at pagbabantas* |



# PAGTATAYA

Panuto: Basahin at unawain ang bawat tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**Set A**

Basahin ang pagpahayag para masagutan ang bilang 1-4

Ang magkakaibigang Kathryn, Bea, James at Joshua nag-uusap-usap tungkol sa Genie in a bottle kung totoo ba ito o hindi. At biglang may nakita silang botelya sa kanilang tabi, at silay nasorpresa na lumabas si Genie. Silang apat pinapili ni Genie sa mga sumusunod, Hindi pagsagot sa modules, pananampalataya sa Diyos, Barkada at Paglalakwatsa. Ang napili ni Kathryn ay Barkada, Bea ay Hindi pagsagot sa modules, Joshua Paglalakwatsa at James Pananampalataya sa Diyos.

1. Bakit iba iba ang pinili ng mga magkakaibigan sa kanilang pinapahalagahan?
   a. Dahil ang pansariling kaligayahan lamang ang kanilang iniisip
   b. Dahil iba iba ang antas ng pagpapahalaga ng tao.
   c. Dahil yan ang naabot sa murang isip nila.
   d. Dahil mababaw lamang ang kanilang kaligayahan.
2. Sino sa kanila ang may alam sa mataas na antas ng pagapahalaga?
   a. James b. Bea c. Joshua d. Kathryn
3. Bakit barkada ang pinili ni Kathryn?
   a. Dahil yan ang uso ng kabataan.
   b. Dahil ito ang nagbibigay ng kasiyahan sa kanya.
   c. Dahil ang kanyang kaalaman ay nasa mababang antas ng pagpapahalaga.
   d. Dahil ang kanyang kaalaman ay nasa mataas na antas ng pagpapahalaga.
4. Bakit pananampalataya sa Diyos ang pinili ni Joshua?
   a. Alam ni Joshua na mas malalim ang kanyang kaligayahang madama sa pagdating ng tamang panahon.
   b. Kailangan niya ito dahil sa pandemya.
   c. Dahil tradisyon na ito bilang isang Kristiyano.
   d. Alam niyang magagalit ang kanyang mga magulang kung barkada ang kanyang pipiliin.

Basahin ang pagpapahayag para masagutan ang bilang 5-7.

Si Jelai ay isang masunuring anak hindi lamang sa pamilya pati na rin sa komunidad. Sa panahon ng pandemya lagi siyang pinupuntahan ng kanyang

mga kaibigan sa kanilang bahay para yayain na magpalamig sa mall.Sinabihan siya ng kanyang mga kaibigan na pagtinatanong ng guard kung ilang taong gulang sasabihin niya na 21 years old.

5. Kung ikaw si Jelai lalabas kaba ng bahay?
   a. Oo dahil naiinip na ako sa loob ng bahay.
   b. Oo dahil hindi naman masama ang lumabas ng saglit.
   c. Hindi dahil magagalit ang aking mga magulang.
   d. Hindi dahil iniisip ko ang kabutihan para sa lahat.
6. Kung hindi lalabas si Jelai ng bahay nasa anong antas ng pagapahalaga ang taglay niya?
   a. Mataas na antas c. Pantay na antas
   b. Mababang antas d. Walang antas
7. Kung ikaw si Jelai ano ang sasabihin mo sa iyong mga kaibigan?
   a. Mga kaibigan dapat tayo ay susunod sa batas para maiwasan ang paglaganap ng Covid.
   b. Sige mga kaibigan hintayin ninyo ako at magbibihis lang ako.
   c. Susunod nalang ako sa inyo pagpumunta na si nanay at tatay sa trabaho.
   d. Salamat sa paanyaya mga kaibigan, iginagalak kung makagala ngayon.
8. Lahat ay ang mga katangian ng mataas na antas ng halaga maliban sa:
   a. Hindi tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang mga pagapapahalaga.
   b. Mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay lumikha ng iba pang mga pagpapahalga.
   c. Mas malalim ang kasiyahan na nadama sa pagkamit ng pagpapahalaga.
   d. Ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung hindi ito nakabatay sa organismong nakararamdam nito.
9. Saang antas ng halaga ang pagtulong sa kapwa?
   a. Mataas na antas c. Pantay na antas
   b. Mababang antas d. Walang antas
10. Saang antas nga haalaga ang pagpunta sa internet cafe?
   a. Mataas na antas c. Pantay na antas
   b.Mababang antas d. Walang antas

**Set B**

Basahin ang pagpahayag para masagutan ang bilang 1-4

Si Aling Helen ay isang OFW sa Amerika. Nais na sana niyang tumigil sa pagtatrabaho para hindi na mapalayo sa pamilya. Ngunit iniisip niya palagi ang magandang kibabukasan ng kanyang mga anak. Kaya tiniis niya ang lungkot at pangulila sa mga ito.

1. Anong antas ng pagpapahalaga ang ipinakita ni aling Helen?
   a. Mataas na antas c. Pantay na antas
   b.Mababang antas d. Walang antas
2. Ano ang pinapahalagan ni aling Helen?
   a. Kinabukasan ng mga anak b. Perang kikitain
   c. Kasiyahan na nasa ibang bansa d. Malayo sa mga problema sa pamilya
3. Maliban sa iyong naging sagot sa bilang 2 ano pa ang iyong nakikita na pinapahahalagahan ni aling Helen?
   a. Makapunta sa mga magandang tanawin sa Amerika.
   b. Malaking pagmamahal niya sa mga anak.
   c. Makatagpo ng maraming kaibigan.
   d. Magkaroon ng pagkakataon na maging green card holder sa Amerika.

4. Sa palagay mo nasa anong antas ng pagpapahalaga ang mayroon si aling Helen?
   a. Mataas na antas dahil ito ay lumikha ng iba pang mga pagpapahalaga gaya ng mapagtapos ang kanyang mga anak.
   b. Mataasna antas dahil nagpapagod sa ibang bansa sa pagtatrabaho para mamuhay mayaman ang kaniyang mga anak sa Pilipinas.
   c. Mababa dahil ito ay lumikha ng kalungkutan sa bandang huli.
   d. Mababa dahil malayo ito sa piling ng kanyang mga mahal sa buhay.

Basahin ang pagpahayag para masagutan ang bilang 5-7

Si Mark ay isang binatang ayaw pumunta sa simbahan, mas nanaisin niyang maglaro ng basketball kasama ang mga kaibigan. Pero sa pagdating ng malaking suliranin sa mundo ang Novel Corona Virus 2019, napilitan ang lahat hindi lamang si Mark na bawal lumabas ng bahay at napakaraming bagay na nakasanayan na nagbago. Dito unti-unting napagtanto ni Mark na mas maganda at malalim ang kanyang nadaramang kaligayahan na mapalapit sa Diyos. Kaya araw araw na siyang nagdasal at nagbabasa ng Bibliya. Isa sa maraming dalangin niya na sana mawala na ang pandemya na nararanasan natin.

5.Sa palagay mo nasa mataas na antas ba ng pagpapahalaga ang ipinakita ni Mark na mas naisin pa niyang maglaro ng basketball kay sa pumunta sa simbahan? Bakit?
   a. Oo dahil bilang isang tinedyer kailangan mong laging masaya.
   b. Oo para makaiwas sa Novel Corona Virus.
   c. Hindi dahil mababaw lang ang kasiyahang naidudulot sa paglalro ng basketball.
   d. Hindi dahil marami pang laro ang pwede niyang gagawin.
6. May maganda bang naidudulot ang pandemya sa pagkatao ni Mark para matuklasan niya kung ano ang mas ikakabuti sa kanyang buhay?
   a. Oo dahil nalaman na niya na mas malalim ang kasiyahan na nadarama pag palaging nananampalataya sa Diyos.
   b. Oo dahil naiwasan na niya ang sermon ng mga magulang pag umuwi siya galing sa paglalaro ng basketball.
   c. Wala dahil hindi na siya nakapag ehersisyo, at lolobo ang kanyang katawan.
   d. Wala dahil hindi na niya makakasama ang kanyang mga mahal na kaibigan.
7. Maliban sa pagdarasal at pagbabasa ng Bibliya ano pa ang pinahahalagahan ni Mark?
   a. Pagkakataong pumuti na siya dahil hindi na siya lumabas ng bahay.
   b. Pagkakaroon ng malasakit sa kapwa at sa buong mundo.
   c. Maiiwasan niya ang covid at bahala na ang iba na mahawaan.
   d. Sinamantala ni Mark ang pagkakataon para pag-aaralang mabuti paano maging mahusay na basketball player.
8. Alin dito ang katangian ng mas mataas na antas ng halaga?
   a. Hindi tumatagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang mga pagpapahalaga.
   b. Mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay hindi lumikha ng iba pang mga pagpaphalaga.
   c. Ang pagpaphalaga ay nasa mataas na antas kung sa kabila ng pagsalin-salin nito sa napakaraming henerasyon, hindi napapanatili ang kalidad nito.
   d. Mas tumagal ang mas mataas na pagpapahalaga kung ihahambing sa mababang pagpapahalaga.

9. Alin sa mga ito ang hindi katangian ng mas mataas na antas ng halaga?
   a. Ang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung sa kabila ng pagsalin-salin nito sa napakaraming henerasyon, napananatili ang kalidad nito.
   b. Mas tumatagal ang mas mataas na pagpapahalag kung ihahambing sa mababang pagpaphalaga.
   c. Ang isang pagpapahalaga ay nasa mataas na antas kung ito ay nakabatay sa organismong nakaramdam nito.
   d. Mataas ang antas ng pagpapahalaga kung ito ay lumikha ng iba pang mga pagpapahalaga.

10. Bilang isang nagdadalaga at nagbibinata sa panahon ngayon ano pinahahalagan mo?
   a. Kalusugan  b. Pag-aaral  c. Cellphone  d. A at B



# KARAGDAGANG GAWAIN

Gawain: **Ako ay isang hari o reyna**

**Panuto:** Gumawa ng isang korona papel, isulat sa koronang papel ang iyong pangako sa sarili. Magtala ng tatlong pinakamahalaga sa iyong sarili. Isulat ang iyong pangako sa sarili na lagi mo itong uunahin sa lahat ng panahon at yugto ng iyong buhay.



Pamantayan sa Paggawa

| Pamantayan | Kaukulang Puntos | Nakukuhang Puntos |
|---|---|---|
| Nilalaman | 15 | |
| Kalinisan | 5 | |
| Ideya/Paliwanag | 20 | |
| Kabuuan | 40 | |

# SUSI SA PAGWAWASTO

PAGTATAYA

| Subukin | Set A | Set B |
|---|---|---|
| 1. B | 1. B | 1. A |
| 2. D | 2. A | 2. A |
| 3. A | 3. C | 3. B |
| 4. A | 4. A | 4. A |
| 5. B | 5. D | 5. C |
| 6. A | 6. A | 6. A |
| 7. B | 7. A | 7. B |
| 8. A | 8. A | 8. D |
| 9. B | 9. A | 9. C |
| 10. a | 10. b | 10. D |

**Sanggunian:**

Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 7 Modyul para sa Mag-aaral,*pp 203-211

# Bumuo sa Pagsulat ng Modyul


Manunulat: Leonita Oyog Amacanin, SST-III
Zamboanga del Sur School of Arts and Trades
Pagadian City

Editor: Evangeline Martel, HT-II

Rose Bert M. Labajo, Teacher I

Joan L. Auxtero, Teacher I

Tagasuri: Evangeline Martel, HT-II

Tagaguhit: Niña Stephanie O. Amacanin

Tagalapat:

Tagapamahala:

**DANNY B. CORDOVA, CESO VI**
OIC Shools Division Superintendent
**MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE**
OIC-Assistant Schools Division Superinrendent
**MARIA DIOSA Z. PERALTA**
CID-CHIEF
**MA. MADELENE P. MITUDA, EdD**
EPS-LRMDS
**JOVITA DUGENIA**
EPS-EsP

## Regon IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
' T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o' er That my
ashes may carpet earthly f loor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and l ight, with song and lament I fare, Ever
repeating the f aith that I keep.

My Fatherland ador' d, that sadness to my sorrow lends Beloved
Filipinas, hear now my last good -by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e' er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed! Give
thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that l ightened my way; Beloved
creatures all, farewell ! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

―I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever.‖